REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-146

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAG-AAMYENDA NG PINAGTIBAY NA KAPASIYAHAN BILANG 92-09 SA PAMAMAGITAN NG PAGSAMA AT MAPA-BILANG ANG MGA SIBILYAN NA KAWANI (CIVILIAN EMPLOYEES) NA NAKATALAGA SA CUERPO NG PULISYA NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA BIYAYANG LIMANGDAANG PISONG (P500.00) BUWANANG ALLOWANCE AT ANG PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO PARA DITO.

*********************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Rey E. Bulay

*********************************************************

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay nagpasa at pinagtibay ang Kapasiyahan Bilang 92-09 na nagka-kaloob ng P500.00 buwanang allowance sa mga miyembro ng pulisya at pamatay-sunog na permanenteng nakatalaga sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang mga binabanggit na kawani ay malaking tulong sa pagsasaayos ng mga gawain at pagpapabilis ng tungkulin ng mga alagad ng batas subalit ang kanilang mga sahod ay lubhang napakaliit kung ihahambing sa dami ng kanilang mga gawain;

SAPAGKAT, ang mga binabanggit na kawani ay permanente ring nakatalaga sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa na na-glilingkod ng buong kahusayan at katalinuhan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na inaamyendahan ang pinagtibay na Kapasi-yahan Bilang 92-09 sa pamamagitan ng pagsama at mapabilang ang mga sibilyan na kawani (civilian employees) na nakatala-ga sa cuerpo ng pulisya ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa biyayang Limangdaang Pisong (P500.00) buwanang allowance at ang paglalaan ng kaukulang pondo para dito.

PINAGPASIYAHAN PA RIN na ang pagkakalooban ng P500.00 karagdagang buwanang allowance ay ang siyam (9) na civilian employees na nakatalaga sa cuerpo ng pulisya ng Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang tanging pulong na ginanap ngayong ika-03 ng Hunyo, 1994.

PINATOTOHANAN:

KGG. DANTE S. ALMARIO
Pan. Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY D. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

(Absent)
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

KGG. ROGER JOHN P. SMITH
Konsehal

KGG. RESTITUTO N. SANTOS
Konsehal

KGG. BALDOMERO D. NIEFES
Konsehal

KGG. ROMY J. TAN
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. SIMEON BUMANGLAG
Konsehal

KGG. PRAXEDES P. BIGATA
Konsehal

KGG. FE ISABEL D. SERVIDA
Konsehal

KGG. FRANCISCO UMALI
Konsehal

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

KGG. ARTURO S. BUNYI
Pansamantalang Punongbayan